# Ang Aking Banal na Pagkatao at Layunin

**1. Basahin ang pahayag na ito ni Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol, at alamin ang mga ninanais ng Tagapagligtas para sa iyo:**



Naniniwala ako na gugustuhin ng Tagapagligtas na si Jesucristo na makita, madama, at malaman ninyo na Siya ang inyong lakas. Na sa tulong Niya, walang limitasyon sa maaari ninyong maisakatuparan. Na walang hangganan ang inyong potensyal. Nais Niyang tingnan ninyo ang inyong sarili tulad ng pagtingin Niya sa inyo. At ibang-iba iyan sa pagtingin sa inyo ng mundo.

Ipapahayag ng Tagapagligtas, nang may katiyakan, na kayo ay anak na babae o lalaki ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Ang inyong Ama sa Langit ang pinakamaluwalhating nilalang sa sansinukob, puno ng pagmamahal, kagalakan, kadalisayan, kabanalan, liwanag, biyaya, at katotohanan. At balang araw nais Niyang manahin ninyo ang lahat ng mayroon Siya. (Dieter F. Uchtdorf, "Si Jesucristo ang Lakas ng mga Kabataan," *Liahona*, Nob. 2022, 9–10)

**Basahin ang Doktrina at mga Tipan 14:7, at alamin ang nais ng Ama sa Langit na ibigay sa iyo.**

**2. Basahin ang pahayag na ito ni Sister Michelle D. Craig, na dating miyembro ng Young Women General Presidency, at alamin ang kanyang payo sa sinumang nagdududa sa kanilang banal na kahalagahan:**



Marahil ang pinakamahahalagang bagay na dapat nating makita nang malinaw ay kung sino ang Diyos at kung sino tayo talaga—mga anak ng mga magulang sa langit na may "banal na katangian at walang hanggang tadhana." [tema ng Young Women, ChurchofJesusChrist.org]. Hilingin sa Diyos na ihayag ang mga katotohanang ito sa inyo, pati na ang nadarama Niya tungkol sa inyo. (Michelle D. Craig, "Mga Matang Makakakita," *Liahona*, Nob. 2020, 15)


**Basahin ang Doktrina at mga Tipan 18:10–13, at alamin kung ano ang nadarama ng Ama sa Langit tungkol sa iyo.**

**3. Basahin ang pahayag na ito ni Pangulong Susan H. Porter, Primary General President, at alamin kung bakit kailangang malaman ng bawat isa sa atin ang nadarama ng Ama sa Langit tungkol sa atin:**



Kapag nalaman at naunawaan ninyo kung gaano kayo ganap na minamahal bilang anak ng Diyos, babaguhin nito ang lahat ng bagay. Babaguhin nito ang nararamdaman ninyo tungkol sa inyong sarili kapag nagkakamali kayo. Babaguhin nito ang nararamdaman ninyo kapag may mahihirap na bagay na nangyayari. Babaguhin nito ang inyong pananaw hinggil sa mga kautusan ng Diyos. Babaguhin nito ang inyong pananaw hinggil sa iba, at sa inyong kakayahang gumawa ng kaibhan. (Susan H. Porter, "Pag-ibig ng Diyos: Ang Labis na Nakalulugod sa Kaluluwa," *Liahona*, Nob. 2021, 33)

**4. Basahin ang pahayag na ito ni Pangulong Russell M. Nelson, at alamin ang itinuro Niya tungkol sa mga inaasam ng ating Ama sa Langit para sa bawat isa sa atin:**



Ang plano ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak ay nagtutulot sa atin na mabuhay kung saan at kung paano Siya nabubuhay at sa huli ay mas lalo pang maging katulad Niya. Ang Kanyang plano ay literal na ibinibigay sa atin ang pinakamayayamang pagpapala ng buong kawalang-hanggan, pati na ang potensyal nating maging "mga kasamang tagapagmana ni Cristo" [Mga Taga Roma 8:17]. (Russell M. Nelson, "Mga Pagpiling May Epekto sa Kawalang-Hanggan" [pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult, Mayo 15, 2022], broadcasts. ChurchofJesusChrist.org)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_553-1